



Mga Suporta sa Komunidad



Ano ang Mga Suporta sa Komunidad?

Ang Mga Suporta sa Komunidad ay mga espesyal na opsyon sa pangangalaga para sa mga miyembro ng Santa Clara Family Health Plan (SCFHP) Medi-Cal. Maaaring ialok ang mga ito sa mga kwalipikadong miyembro na may mga katamtaman hanggang mataas na antas ng panganib sa kalusugan.

Makakatulong ang Mga Suporta sa Komunidad sa mga miyembro na manatiling malusog, bawasan ang mga komplikasyon mula sa mga sakit, at iwasan ang mga hindi kinakailangang pananatili sa ospital, mga nursing facility, at mga departamentong pang-emergency.



Mga benepisyo ba sa Medi-Cal ang Mga Suporta sa Komunidad?

Hindi, ang Mga Suporta sa Komunidad ay hindi mga benepisyo sa Medi-Cal. Ang Mga Suporta sa Komunidad ay mga karagdagang serbisyong binabayaran ng SCFHP. Karaniwang ibinibigay ang mga iyon ng ibang provider o sa ibang lugar kumpara sa mga karaniwang benepisyo sa Medi-Cal.

Paano nakakakuha ang mga miyembro ng Medi-Cal ng Mga Serbisyo sa Suporta sa Komunidad?

- **Nagsusumite ang provider ng form ng referral para sa isang miyembro.** Maaaring magsumite ang mga provider ng form ng referral sa SCFHP para sa Mga Suporta sa Komunidad sa pamamagitan ng Portal ng Provider. Puwede rin nilang i-download ang form ng referral at ipadala ang nakumpletong form sa SCFHP.
- **Humihiling ang miyembro na sumali.** Maaaring makipag-ugnayan ang mga indibidwal sa Suporta para sa Mamimili ng SCFHP at maaari nilang tanungin kung kwalipikado sila para sa Mga Suporta sa Komunidad. Kung kasalukuyang naka-enroll ang miyembro sa Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (Enhanced Care Management), maaari din siyang humiling ng referral mula sa kaniyang Tagapamahala ng Pangangalaga (Care Manager).

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang:
www.scfhp.com/communitysupports/

Mga Suporta sa Komunidad

Ano ang Mga Suporta sa Komunidad na iniaalok?

Mga Suporta sa Komunidad	Nakakatulong sa:
Mga Serbisyo sa Gabay sa Transisyon sa Pabahay	<ul style="list-style-type: none">• Paghahanap ng pabahay• Mga mapagkukunan at akomodasyon• Paglipat• Pagpapanatili ng kanilang kasalukuyang bahay
Mga Deposito sa Pabahay	<ul style="list-style-type: none">• Pagsusuri sa kalusugan at kaligtasan para sa bagong pabahay• Upa sa una at huling buwan
Transisyon sa Nursing Facility / Pagpapalipas sa Mga Pasilidad sa Ginagabayang Pamumuhay (hal., Mga Residensiyal na Pasilidad sa Pangangalaga para sa Nakatatanda at Mga Residensiyal na Pasilidad para sa Nasa Hustong Gulang)	<ul style="list-style-type: none">• Transisyon pabalik sa isang pangkomunidad na lugar na parang tahanan at/o pagpigil sa pagpasok sa skilled nursing facility kapag kailangan ng mga miyembro ng pangangalaga sa antas ng nursing facility
Mga Serbisyo sa Transisyon sa Komunidad /Transisyon sa Nursing Facility patungo sa Tahanan	<ul style="list-style-type: none">• Mga pang-isahang beses na gastusin para sa mga indibidwal na lumilipat mula sa lisensiyadong nursing facility patungo sa kaayusan sa pamamuhay sa isang pribadong tahanan kung saan ang tao ay direktang responsable para sa kaniyang mga sariling gastusin sa pamumuhay
Mga Medikal na Pansuportang Pagkain/Mga Pagkain na Iniayon sa Medikal na Kondisyon	<ul style="list-style-type: none">• Pagkuha ng mga pagkain na makakatulong sa mga miyembro na maabot ang kanilang mga layunin sa nutrisyon sa kritikal na oras para maibalik at mapanatili ang kanilang kalusugan. Kasama sa mga serbisyo ang Mga Pagkain na Iniayon sa Medikal na Kondisyon o mga grocery

Paano nalalaman ng mga miyembro kung kwalipikado sila para sa Mga Suporta sa Komunidad?

- Makipag-ugnayan sa iyong Tagapamahala ng Pangangalaga ng Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga
- Tumawag sa Serbisyo para sa Mamimili ng SCFHP sa 1-800-260-2055 (TTY: 711) at tanungin kung kwalipikado ka
- Makipag-usap sa iyong doktor

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa:
www.scfhp.com/communitysupports/

